# KUMAPIT NANG MAHIGPIT

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Marso 19, 2022

"Tumawid tayo," ang salitang sinambit ni Hesus sa Kanyang mga alagad, para makarating sila sa kabilang ibayo ng lawa. Hindi nila alam na may parating na malakas na unos at masasalubong nila ito. Noong nakita nilang tulog si Hesus, nababahala sila at agad Siyang ginising, ngunit mahinahon silang sinagot ni Hesus: "Bakit kayo natatakot? Kulang pa ba ang inyong pananampalataya?" (Marcos 4:35-41). Ang mga unos natin sa buhay na sakit, aksidente, paghihiwalay, sakuna at iba pang mga pagsubok ay pansamantala lamang. Pagkatapos ng bagyo, sisikat na ang araw, patunay na tuloy lang ang buhay.

**A. Tatlong paraan para lumago at lumalim ang ating pananampalataya sa Diyos.**

**1. Mamuhay tayo ayon sa Kanyang mga utos.**

1.1. Kung kilala natin ang Diyos, kailangan sundin ang Kanyang kalooban.

1.2. Nagbigay ng halimbawa si Hesus. Puspos Siya ng Banal na Espiritu bago Siya nagsimula sa Kanyang gawain (Lucas 4).

**2. Makisalamuha tayo sa maraming tao at sundan si Hesus; mamuhay tayo sa kabanalan.**

2.1. Sumunod kay Hesus saan man Niya tayo dalhin, umalis sa ating *comfort zone.*

2.2. Sumunod tayo sa mga utos ni Hesus saanman, anumang oras, anumang katayuan: busog o gutom, sagana o kasalatan (Fil.4:12).

**3. Anyayahan natin si Hesus sa ating bangka. Pahintulutan nating pumasok si Hesus sa ating buhay, puso at isipan.**

3.1. Kailangan nating gawin at isabuhay ang lahat ng narinig at natutunang mga aral ni Hesus sa pamamagitan ni Sis Techie (Sor)ang ating *Elder/* Tagapagtatag.

3.2. Ano ang nangyari pagkatapos nating sumunod kay Hesus? May mga pagbabago:

3.2.1 Nabago tayo o naging mas mabuting tao (2Cor.5:17).

3.2.2 Naging mahina tayo at madaling malinlang ni Satanas.

**4. Kung malapit tayo sa Diyos, lalo tayong susubukang linlangin, talunin at sirain ng kalaban.**

4.1 Dapat nating malaman ang tinig ng Diyos at direksyong sinasabi ng Banal na Espiritu kung saan Niya tayo gustong pumunta at ano ang Kanyang ipagagawa. Iniwan ni Abraham ang kanyang malawak na lupain at sumunod sa iniutos ng Diyos (Gen.12).

4.2 Ang gusali nating Heritage ay bunga nang maagap na pagsunod ni Sis Techie sa mga utos ng Diyos sa gitna ng mga pagsubok, mga hadlang at mga pagkaantala at sa wakas, natanggap na niya ang biyaya ng Diyos (Awit 119; Jer. 1:12).

**B. Ang katotohanan, may dalawang bagay ang nakalimutan ng mga alagad:**

**1. Sinabihan sila ni Hesus na tumungo sa kabilang ibayo ng lawa.** Alam Niya kung ano ang kanilang gagawin (Juan 6). Kaya, huwag tayong susuko kung nakararanas ng mga pagsubok at pagkabigo dahil hindi tayo sinusukuan ng Diyos.

**2. Nasa bangka si Hesus** kasama ang mga alagad at naniwala si Satanas na ito na ang tamang oras para salakayin ang mga alagad habang tulog si Hesus. Kung wala si Hesus sa ating buhay (bangka) hindi tayo magtatagumpay sa pakikibaka sa buhay (Kawikaan 16:3).

**Konklusyon:**

Bilang tapat na Kristiyano, hindi dapat tayo matakot gaanuman kalakas ang unos sa ating buhay dahil puno tayo ng grasya, biyaya at awa ng Diyos. Basta **kumapit lang nang mahigpit**, at aanihin natin ang gantimpala ng Diyos sa pamamagitan nang ating mabilis na pagtugon sa Kanyang mga ipinag-uutos.

**Pagninilay:**

1. Natatakot ka bang tumawid sa kabilang ibayo ng lawa dahil nag-aalala ka na baka may masalubong kang malakas na unos?
2. Alam mo ba ang sekretong paraan tungo sa pagkamit sa kaharian ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin